# SIBOL LESSONS



"Sapagkat kung paanong ang lupa'y nagsiSIBOL ng pananim... gayon pasisibulin ng Panginoong Diyos ang katuwiran at kapurihan sa lahat ng bansa."
- Isaias 61:11


ALPHA OMEGA LEADERSHIP INSTITUTE (AOLI)

facebook.com/CAOCMI
caocminational@gmail.com
(+3646) 412 2450


*Inihahandog ng* ***Church of Alpha Omega Christian Ministries, Inc. CAOCMI,***
*ng* ***Alpha Omega Leadership Institute AOLI,***
*at ng* ***Training & Dev't Ministry*** *ang Regalong Ito*
Para Kay:________________________________

| MGA PUNLA | PETSA: | PIRMA: |
|---|---|---|
| *Punla 1: Ang Dugo ni Jesus* | __________ | __________ |
| *Punla 2: Mahalaga Ka!* | __________ | __________ |
| *Punla 3: Ang Espiritu ng Rejection* | __________ | __________ |
| *Punla 4: Retribusyon at Restitusyon* | __________ | __________ |
| *Punla 5: Ang Bautismo* | __________ | __________ |
| *Punla 6: Sekswalidad* | __________ | __________ |
| *Punla 7: Pagsamba* | __________ | __________ |
| *Punla 8: Intercession* | __________ | __________ |
| *Punla 9: Ang Banal na Espiritu* | __________ | __________ |
| *Punla 10: Ang Dakilang Komisyon* | __________ | __________ |

# PANIMULA

**Binabati Kita!** Kumusta ang nakaraang TAGPUAN? Kwentuhan mo naman kami ng mga ginawa sa iyo ni Jesus. Alam mo bang ipinangako ng Panginoon sa Filipos 1:6 na kanyang lulubusin ang mabuting gawang pinasimulan Niya sa iyong buhay hanggang sa araw ni Jesu-Cristo? Ibig sabihin nito ay hindi pa Siya tapos na gumawa ng pagpapala at mga himala sa buhay mo!

Isang malaking pagpapala ang TAGPUAN, tama? Kaya naman ay minarapat namin na iyong lubusang maunawaan at maranasan ang mga katotohanang ibinahagi sa'yo nuong TAGPUAN.

Sabi nga sa Isaias 61:11 *Sapagka't kung paanong ang lupa'y nagsisibol ng pananim, at kung paanong ang halamanan ay nagsisibol ng mga bagay na natanim sa kaniya; gayon **pasisibulin** ng Panginoong Dios ang **katuwiran at kapurihan** sa harap ng lahat na bansa.*

Sa gayon ay hindi pa tapos ang pagpapagiging banal sa iyo ng Diyos. Kaya't maghanda na sa mga susunod mong lessons. Samahan mo ako sa isang munting panalangin.

*"Jesus, salamat sa napakabuting biyayang ibinigay Mo sa akin. Ito ay ang Iyong banal na dugong nagliligtas, nagpapatawad, naglilinis, nagpapagiging banal, at higit sa lahat ay nagbabago ng buhay. Patuloy po Ninyo akong gabayan sa mga sumusunod na aralin. Buksan po Ninyo ang aking puso, isipan, at kaluluwa upang ang mga punlang sumibol sa aking buhay ay patuloy na lumago at mamunga. Sa pangalan ni Jesus, Amen!"*

Ang sumusunod ay ang mga minimum requirements ng isang mag-aaral upang makapagtapos ng ***SIBOL***:

- Devotional Life
- Cell Group Attendance
- Sunday Service/Celebration Attendance
- Complete SIBOL Lessons





## PUNLA 1: ANG DUGO NI JESUS

Isa sa napakalaking rebelasyon na iyong natanggap ay ang tungkol sa **<u>dugo</u>** ni Jesus. Alam mo ba na malaki ang pagpapahalaga ng mga tao noon pa man hanggang ngayon sa dugo? Ang dugo ay itinuturing na sagrado o banal dahil ito ang sumisimbolo sa buhay ayon sa Levitico 17:11. Ayon din sa bersong ito, ang dugo ang nararapat na pantubos sa ating buhay. Sapagkat kamatayan ang kabayaran sa ating kasalanan, Roma 6:23, kailangang may dumanak na dugo (mamatay) para sa ating kapatawaran (katubusan), Hebreo 9:22. Kung baga, buhay para sa buhay, dugo para sa dugo. Upang mabuhay ka, kailangang may mamatay kapalit ng iyong mga kasalanan! Ang tawag dito ay "atonement" o "ransom" o "kapalit". Si Jesus ang **<u>pumalit</u>** para sa'yo!

### ENGAGE:

1. Ano ang naiisip mo kapag naririnig ang salitang Barabbas?

   ________________________________

2. Sino si Barabbas, Mateo 27:16?

   _____________________________________

3. Ang tagpo kung saan pinili ng madla na palayain si Barabbas at ipapako si Jesus ay tinatawag nilang "*The Great Exchange*" o Ang Dakilang Palitan. Sa tingin mo ay bakit?

   ____________________________________________________________

### ENLIGHTEN:

Sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo ni Jesu-Cristo sa krus ng kalbaryo, anu-ano ang mga **<u>ipinalit</u>** Niya para sa buhay mo?

1. **Redemption – Katubusan, Kapatawaran, Kalayaan, Kabayaran**
   a. Mula sa eternal na **<u>kamatayan</u>** ay tinubos Niya tayo upang magkaroon ng **<u>buhay</u>** na walang hanggan.

   b. Ayon sa Efeso 1:7, **<u>Tinubos</u>** tayo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang **<u>dugo</u>** at pinatawad ang ating mga kasalanan. Ganoon kasagana ang kanyang kagandahang-loob

2. **Justification – Katwiran, Mapawalang Sala**
   a. Mula sa pagiging **<u>makasalanan</u>** ay gagawin Niya tayong **<u>makatwiran</u>**. Hindi ka lang Niya patatawarin, bibigyan ka Niya ng Katwiran. Ang Pagbibigay-katwiran ay pagpapawalang sala. Ang pagpapawalang sala ay <u>paglimot ng kasalanan</u>.
   b. Ipinangako ng Panginoon sa Kanyang salita na "pipiliin Kong kalimutan ang inyong mga kasalanan", Hebreo 8:12. May kilala ka bang hindi malimutan ang nagawang kasalanan laban sa kanya? Ibahin mo ang Diyos, pinipili niyang limutin ang ating mga kasalanan. Sabi nga sa 1 Corinto, "love does not keep any record of wrongs". Ganun ka Niya kamahal!
   c. Imagine na kapag tinitingnan ka ng Diyos, hindi na Niya nakikita ang iyong kasalanan ngunit ang perpeksyon at katwiran ni Jesu-Cristo sa buhay mo.
   d. Sabi nga sa Roma 5:9, Yamang sa pamamagitan ng kanyang **<u>dugo</u>**, tayo ngayon ay **<u>napawalang-sala</u>**, lalong tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos.

3. **Sanctification– Kabanalan**
   a. Mula sa buhay na puno ng **<u>kasamaan</u>**, papalitan Niya ito ng **<u>kabanalan</u>**. Ang pagpapagiging banal ay kung saan ang iyong pagiging makatwiran ay pineperpekto o ginagawang ganap.
   b. Ibig sabihin nito, hindi ka Niya lamang hahayaan na mapawalang sala kundi tutulungan ka ng Diyos na magpatuloy sa paglakad sa buhay na malaya mula sa kasalanan. Kung baga, righteousness made perfect!
   c. Sabi nga sa Hebreo 13:12, Kaya naman si Jesus, upang **<u>mapaging banal</u>** sa pamamagitan ng kanilang sariling **<u>dugo</u>** ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan.

4. **Regeneration – Kalinisan at Pagpapala**
   a. Mula sa buhay na puno ng **<u>karumihan</u>**, papalitan Niya ito ng **<u>kalinisan</u>**. Huhugasan Niya tayo sa lahat ng ating kasalanan.
   b. Kasama ng pagiging malinis ay ang pag-agos ng mga biyaya ng Diyos sa iyong buhay. Sabi nga sa Mateo 5, <u>pinagpapala ang may malinis na puso</u>. Siya ang magbibigay sa'yo ng kalakasan at katalinuhan upang patuloy na maging malinis at mapanatili ang bago mong buhay.
   c. Sabi nga sa 1 Juan 1:7, Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, gaya niya na nasa liwanag, tayo'y nagkakaisa at ang lahat ng ating kasalanan ay **<u>nililinis</u>** ng **<u>dugo</u>** ni Jesus.

**ENACT:**

Kwentuhan mo naman kami! Gumawa ng isang talata kung saan ay inilalahad mo ang lahat ng bagay sa buhay mo na pinalitan o binago ni Jesu-Cristo mula noong TAGPUAN!

***Paalala: Palagiang i-confess ang kapangyarihan ng dugo ni Jesu-Cristo. Gamitin ang kopya ng Confessions of the Blood of Jesus na ibinigay sa iyo!***

PRAYER:

*Lord, salamat sa iyong katawan na nabayubay at sa dugong dumanak mula sa krus ng kalbaryo. Tinatanggap ko po na ang Inyong pag-aalay na ito ay para sa katubusan, kalayaan, kapatawaran, katwiran, kalinisan, at kabanalan naming mga makakasalanan. Tulungan Nyo po ako na laging sumunod sa gusto Nyo. Maging pagpapala po ako sa lahat ng nasa paligid ko. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*

## PUNLA 2: MAHALAGA KA!

Sabi nila wala raw bagay sa mundo ang walang halaga. Lahat ay may halaga, kwenta, price, worth, o value! Ang mga bagay na wala nang halaga ay tinatawag nating basura. Ang basura ay ating itinatapon. Ngunit magtataka ka kung bakit maraming tao ay ipinamumuhay ang buhay na patapon o walang kwenta. Ito ay nasasalamin sa kanilang pagpapahalaga sa sarili o self-worth. Tingnan natin kung anong katotohan ang gusto ng Diyos na ibigay sa iyo ngayon.

**ENGAGE:**

Alamin ang halaga o presyo ng bawat item sa column A, isulat ito sa column B. Ano ang masasabi mo?

| Column A | | Column B (Php) |
|---|---|---|
|  | Antonio Vietri Moon Star Shoes | |
|  | Falcon Supernova iPhone 6 Pink Diamond | |
|  | 1963 Ferrari 250 GTO | |
|  | Salvator Mundi by Leonardo da Vinci | |



Batay naman sa isinasaad ng 1 Pedro 1:18-19 at 1 Corinto 6:20, magkano naman ang halaga mo? _______________________.

**ENLIGHTEN:**

Ang halaga mo at ng lugar mo sa langit ay hindi matutumbasan ng kahit na anong pera, mamahaling hiyas, pilak, o ginto. Ikaw ay tinubos sa pamamagitan ng dugo ni Jesu-Cristo o buhay ng isang Diyos. Tulad ng sa isang sanglaan, tinutubos ang mga alahas o mga ari-arian. Ganun na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa iyo na kaya Niyang ipagpalit ang kanyang buhay kapalit ng buhay mo. Kaya Niyang isuko ang kung anong meron Siya sa langit para sa iyo. **Ganun ka kahalaga**! **Priceless!**

1. **Anu-ano ang mga bagay na NAGPAPABABA ng ating HALAGA o tingin sa SARILI?**
   a. Kasalanan
   b. Kahirapan
   c. Nakaraan
   d. Kabiguan
   e. Kakulangan o Limitasyon
   f. Kapansanan o Sakit
   g. Pisikal na Kapangitan (*subjective*)
   h. Comparison
   i. Kawalan ng kaalaman/katalinuhan at kakayanan
   j. Kawalan ng edukasyon
   k. Kawalan ng pamilya
   l. Pagiging ampon
   m. Childhood trauma
   n. Panghuhusga at panglalait ng iba

Kapag nakararanas ka ng mga ito, bumababa ang pagtingin mo sa iyong sarili at nawawalan ka ng kumpyansa.

2. **Anu-ano ang masasamang epekto ng MABABANG pagtingin sa SARILI?**

a. Nalilimitahan ang kayang mong gawin
b. Nasisira nito ang iyong mga pangarap
c. Nagiging mahirap ang pagkakaroon ng healthy relationships
d. Nagkakaroon ng maling konsepto at imahe ng Diyos

3. **Paano maibabalik ang PAGPAPAHALAGA sa SARILI?**
    a. Magkaroon ng tamang konsepto ng Diyos
    b. Magkaroon ng tamang konsepto kung sino ka:
        i. Ikaw ay minamahal ng Diyos (John 3:16)
        ii. Ikaw ay nilikha ng Diyos na kawangis Niya (Gen. 1:27)
        iii. Ikaw ay planado ng Diyos (Jeremiah 29:11)
        iv. Ikaw ay inaangkin Niyang anak (2 Cor. 6:18)
        v. May tiwala sa'yo ang Diyos (Juan 15:16)
    c. Magpabago ng isipan (Mga Taga-Roma 12: 2)

**ENACT:**

1. Panoorin ang "God's Chisel Remastered" (11:33 minutes) ng the Skit Guys sa YouTube. Mapapanood ito sa link na:
   https://www.youtube.com/watch?v=3QCkBL2DfVg
   Sumulat ng iyong reaksyon o natutunan mula sa napanood na bidyo.
2. O kaya'y pakinggan ang awit na "You Say" ni Lauren Daigle sa link na:
   https://www.youtube.com/watch?v=HqpNGYbcy3U
   Sumulat ng iyong reaksyon o natutunan mula sa napanood na bidyo.

PRAYER:

*Lord, patuloy po Ninyong baguhin ang aking isipan. Tulungan Nyo pong mabura sa aking isipan ang lahat ng mga kasinungalingan tungkol sa aking sarili na aking pinaniwalaan. Bigyan po Ninyo ako ng kakayahang magtiwala at maniwala sa aking sarili. Nawa'y Makita ko ang aking sarili tulad ng kung paano Nyo po ako nakikita. Salamat sa patuloy po Ninyong pagmamahal sa akin. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*





## PUNLA 3: ANG ESPIRITU NG REJECTION

Kung sa natapos na lesson tayo ay nagpabago ng isipan, ngayon naman tayo ay magpapabago ng puso sa Panginoon. Naranasan mo na bang **itaboy, iwanan, ipagpalit, hindi isama, palayasin, mahusgahan o hindi tanggapin**? Kung oo, naranasan mo na ang "rejection". Ang "rejection" ay ang iyong nararamdaman kapag may sinabi o ginawa laban sa iyo ang iyong kapwa. Ang kabaliktaran ng salitang "rejection" ay pagtanggap o "acceptance". Ang "rejection" ay masakit sa puso kapag iyong nararanasan. Ang mga taong "rejected" ay nalulungkot, nagagalit, at nasisiraan ng loob. Ang nakalulungkot ay ang katotohanan na ang pinakamasakit na "rejection" ay makukuha natin sa mga taong pinakamalalapit sa atin – mga kamag-anak o kaibigan (Mga Awit 55:12-14).

**ENGAGE:**

Sa puntong ito ay inaanyayahan ka naming maging bukas at totoo sa iyong sarili. Kasama ang iyong Cell Leader o ang iyong guro, pag-usapan ang iyong mga karanasan kung saan ay naramdaman mo ang "rejection". Maaaring ang mga ito ay sugat o nakaraang ayaw mo nang balikan, ngunit sa pamamagitan ng pagsisiwalat nito ka lamang makalalaya. Gusto ng Lord na hilumin ka at makalaya ka!

Maaari rin namang magbahagi ang Cell Leader o guro ng kanyang sariling karanasan sa paksang ito.

**ENLIGHTEN:**

1. **Anu-ano ang mga sintomas ng pagkakaroon ng Espiritu ng Rejection?**
    a. **Approval seeking**. May pangangailangan kang palaging patunayan ang iyong sarili. Uhaw na uhaw ka sa atensyon,

recognition, at pagtanggap mula sa mga taong nasa awtoridad tulad ng iyong mga magulang, boss, at pastor.

b. **People pleasing**. Ibinabatay mo ang iyong halaga sa pamamagitan ng pagtanggap ng iba. Natatakot kang iwan, layuan, o hindi magustuhan. Pretension o pagpapanggap ang araw-araw mong ginagawa.

c. **Trust-issues**. Hindi mo maibigay ang tiwala sa mga taong nagmamahal sa iyo dahil lagi mong iniisip na sasaktan ka lang din naman nila, iiwan ka lang din naman nila, tulad ng ginawa ng ibang tao sa iyo. Pagiging sobrang taray o stone walling (dismissive behavior) ang usual mong ginagawa.

d. **Paranoia o pagkapraning**. Lagi mong iniisip na kontra ang ibang tao sa iyo kahit itinatama ka lamang naman nila. Lagi mong iniisip na mali lamang ang nakikita sa iyo. Ang bawat pagpuna ay pinaniniwalaan mong pag-atake sa iyong pagkatao. Kung ikaw ay isang magulang, lider o pastor, iniisip mong ayaw nilang sumunod sa iyo kapag may question mula sa iyong mga anak o miyembro. [*question ay paglilinaw, iba ito at hindi isang rejection*]

e. **Low self-esteem**. Wala kang tiwala sa sarili mong kakayanan at katalinuhan. Maaaring sobrang mahiyain ka o sobrang yabang mo naman. Ang pagmamayabang ay pagmamaskara ng iyong kahinaan at kakulangan.

f. **Insecurity and Jealousy.** Palagi mong ikinukumpara ang iyong sarili sa ibang tao at palagi mong iniisip na “mabuti pa sila”, “mas magaling pa sila”. Kinamumuhian mo o naiinggit ka sa mga taong nagiging “threat” sa kakayanan mo o yung mga taong mas magaling sa iyo. Pinagtatakpan mo ang iyong mga kakulangan at kahinaan imbis na aminin ang mga ito.

g. **Blamethrowing**. Isinisisi mo palagi sa ibang tao ang iyong pinagdaraanan. Tinatanggal mo ang iyong responsbilidad para sa sarili mong kaligayahan.

h. **Self-destruction**. Pinahihirapan mo ang iyong sarili sa bawat pagkakataon na nagpe-fail ka, bumabagsak, o nagkakamali.

i. **Relational dysfunction.** Gustong-gusto mong may makaintindi sa iyo, ngunit kapag may magre-reach out na, hindi mo kayang iabot ang iyong kamay dahil naniniwala kang hindi ka naman nila maiintindihan. Dahil dito, hindi ka makatanggap at makapagbigay ng pag-ibig. Ito ay tinatawag din na emotional retardation.

j. **You Reject People**. Ang pinakamalalang sintomas ng Espiritu ng Rejection ay nagiging katulad ka ng mga taong nag-reject sa’yo. Ikaw ay nagiging mapang-api, judgmental, discriminatory, offensive, abusive sa mga taong nagmamahal sa iyo. Ang nakalulungkot na katotohanan ay naipapasa ang espiritu ng rejection, nakahahawa ito. Samakatwid, ang taong nanakit sa iyo ay maaaring biktima rin lamang ng ibang tao dahil “hurt people hurt people” – ang nasaktan ay nananakit.

**2. Paano tayo nagkakaroon ng Espiritu ng Rejection?**

a. **Unwanted child ka ba?** Ito yung tinatawag na rejected from the womb. Maaaring hindi planado ng iyong mga magulang ang iyong pagsilang. Maaaring child out of wedlock ka o anak sa labas o sa pagkadalaga. Maaaring pinagsisihan ng iyong mga magulang ang iyong pagdating o binalak kang ipalaglag o ipinaampon ka. Kung naranasan mo ito, malamang ay mayroon kang espiritu ng rejection.

b. **Galing ka sa broken family o marriage/relationship?** Kung ang iyong pamilya ay nawasak sa kahit na ano mang kadahilanan, malamang ay mayroon kang espiritu ng rejection.

c. **Biktima ka ng pang-aabuso?** Maaaring pisikal, berbal, emosyonal, saykolohikal, o “sekswal”. Kung nakaranas ka ng pang-aabuso, malamang ay may espiritu ka ng rejection.

d. **Nakatanggap ka ng mga negatibong salita at pagtrato?** Kung ikaw ay nakaranas na i-bully, pagtsismisan, husgahan, hindi pinaniwalaan, inakusahan, ipinahiya, ipinagpalit, ikinumpara, hindi ka favorite, hindi ikaw ang pinili, iniwan, childhood trauma, etc., malamang ay may espiritu ng rejection ka.

3. **Paano makalalaya mula sa Espiritu ng Rejection?**
    a. **Magpahilom at magpabago ng puso.** Masasaktan ka lamang sa mga bagay na tinatanggap mo at pinaniniwalaang totoo. *Offense has power over you the very moment you allowed it to*. Palawakin ang kaalaman at kalusugang mental. Maging in-control sa iyong mga nararamdaman (Mga Kawikaan 17:22, 14:30; Mga Awit 147:3).
    b. **Magpatawad.** Walang ibang paraan upang makalaya kundi ang palayain mo rin sila. Kung gustong maibsan ang iyong pinagdaraanan, magpatawad ka. Patawarin mo ang iyong mga magulang, kapatid, kamag-anak, kaibigan, pastor… ang mga nang-abuso, nanghusga, nangbuska, nagkumpara… ang mga nang-iwan, namahiya, nang-akusa at di naniwala (Mga Taga Efeso 4:32).
    c. **Humingi ng Tawad.** Dahil ang mga nasaktan ay nananakit din, malamang may nasaktan ka ring kapwa. Walang nakahihiya sap ag-amin ng ating sala. Umpisahan mo na kapatid. Hindi kailangan na magsisisi rin sila at makaunawa ng kanilang kasalanan laban sa iyo. Si Jesus nga ay ipinagmakaawa sa Kanyang Ama na tayo ay patawarin kahit hindi natin nauunawaan ang ating mga ginagawa. (Lucas 23:24)
    d. **Palayasin ang espiritu ng rejection**. Upang tuluyang mawalan ng bisa ang kapangyarihan nito laban sa buhay mo, palayasin mo ito. Hindi mga tao ang ating kaaway, kundi mga Espiritu (Mga Taga Efeso 6:12).
    e. **Tanggapin ang espiritu ng acceptance**. (Mga Taga Roma 5:17). Dahil sa ginawang sakripisyo ng Panginoong Diyos sa krus ng kalbaryo tayo ay hindi na itinuring na iba ng Panginoon. Tayo ay itinuturing na Kanya (Isaias 43:1). Ikaw ay tanggap at tinatanggap ng Panginoon, sa Kanya'y wala kang dapat patunayan.

**ENACT:**


Gumawa ng LIHAM NG PAGPAPATAWAD sa lahat ng mga taong nag-reject sa'yo. Huwag kalilimutan ang kababang loob. Kung ikaw din ay nagkasala, huwag kalimutang humingi ng tawad. Ipaalam mo ito sa kanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng iyong liham.

PRAYER:

*Panginoon, sa Pangalan ni Jesus, sinasaway, iwinawaksi, at pinalalayas ko ang lahat ng gawa ng espiritu ng rejection sa buhay ko. Tinatanggap ko po ang Inyong espiritu ng pagtanggap. Salamt Lord at tinatanggap po Ninyo ako. Pinapatawad ko po ang lahat ng taong nag-reject sa akin. Patuloy po Ninyong buuin at pagalinigin ang aking puso. Matuto po akong muling magmahal at magtiwala sa aking kapwa. Patawarin po Ninyo ako sa ginawa kong pananakit sa aking kapwa. Bigyan po Ninyo ako ng lakas ng loob upang humingi ng tawad sa aking mga nasaktan. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*

## PUNLA 4: RETRIBUSYON AT RESTITUSYON

Ang konsepto ng retribusyon at restitusyon ay hindi masyadong pinag-uusapan o naiintindihan sa ating simbahan. Samantalang palagi nating ibinabahagi ang katotohanan patungkol sa paghingi ng kapatawaran mula sa Panginoon, hindi natin nauunawaan na ito ay hindi nag-uumpisa at nagtatapos sa "repentance" o pag-amin ng kasalanan:




kung sa TANIM lesson bilang 2 ay natutunan natin kung paano magsisi at sa TAGPUAN ay humingi tayo ng kapatawaran mula sa Panginoon, ngayon naman ay alamin natin kung ano ang retribusyon at restitusyon.

### ENGAGE:

Magsaliksik at alamin ang mga sagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano sa tingin mo ang common reason kung bakit nangyari ang mga istorya ng:
   a.) pagpapalayas ng Diyos kay Adan at Eba mula sa Paraiso Genesis 3:23;
   b.) ang baha noong panahon ni Noe, Genesis 6:13-9:29;
   c.) ang trahedya ng Sodoma at Gomora, Genesis 19:1-29?
2. Ano ang konseptong parehong itinutoro sa Leviticus 6:1-7 at Numbers 5:6-7?

### ENLIGHTEN:

1. Mga Palatandaan ng Tunay na Pagsisisi at Pagbabagong Loob:
   a. Pagtanggap ng **Retribusyon**
   b. Pagbibigay ng **Restitusyon**
2. Mga Depenisyon
   a. **Retribusyon**. Ang retribusyon o ang divine retribution ay pumapatungkol sa "the Wrath of God" o Ang Galit ng Diyos. Ang Diyos ay galit sa kasalanan. Ang bawat kasalanan ay may kabayaran. Dahil ang Diyos ay Diyos ng hustisya, lahat ng nagkasala ay kailangan na may pagbayaran. Ang paniniwala sa divine retribution ay pagtanggap sa "consequences of sins". Ang consequence ay isang kahihinatnan o pananagutan sa bawat kasalanan na ating ginawa. "Punishment" o Parusa ang ginagamit na kataga ng iba para dito. Ngunit ang Diyos ay hindi Diyos ng pagpaparusa o pagpapahirap, hindi ka Niya pahihirapan ngunit ikaw ay kanyang tuturuan. Ang retribusyon ay ang pagtuturo at pagtutuwid ng Diyos sa atin. Hindi natatanggal o naaalis ang retribusyon kahit tayo ay nagsisi na. Tulad ng nangyari kay Haring Ahab sa 1 Kings 21:29, kahit siya ay nagsisi na, pinagpaliban lang ng Panginoon ang retribusyon para sa kasalanan ng Israel. Nangyari pa rin ang pagsusulit sa panahon ng anak ni Haring Ahab.
   b. **Restitusyon**. Ang restitusyon ay pagsasauli o pagpapanumbalik o pagbabayad sala. Nuong unang panahon, gaya nang sa Leviticus at Numbers, ang pagbabayad sala ay ginagawa sa pamamagitan ng pagsusuma ng katumbas ng kasalanan sa salapi na may kaukulang interes. Sa Bagong Tipan, sa Lucas 19:8, si Zaqueo ay nagpakita ng napakainam na restitusyon. Higit pa sa itinatakda ng batas ang kanyang isinauli. Ngayong "modern times", paano kaya ang

restitusyon? Pera-pera lang ba? Alamin sa susunod na diskusyon.

3. Paano tumanggap ng **<u>Retribusyon</u>**?
    - **a. Kababaang-loob.** Tandaan mo, si Jesus ay nagpakababa upang tanggapin ang kabayaran ng ating mga kasalanan kahit hindi ito nararapat para sa Kanya. Mas deserve natin yun! Kaya't kay Jesus ka lang tumingin!
    - b. **Disiplina.** Tanggapin mo nang maluwag sa dibdib ang disiplina sino man ang nagpapataw nito, maging magulang mo, boss mo o pastor mo. Kadalasan, ang Diyos na mismo ang nagdirisiplina sa atin. Tandaan mo, dinirisiplina ng Diyos ang kanyang mga minamahal. Palatandaan ito na tayo ay kanyang mga tunay na anak, Hebreo 12:6; Kawikaan 3:12. May dignidad sa disiplina. Huwag itong ikahiya.
    - c. **Kaya mo yan**. Maaaring masaktan ka? Oo. Maaaring mahirapan ka? Posible. Pero kaya mo yan! Hindi aabot sa sukdulang ika-matay mo ang pagdidisiplina ng Panginoon. Huwag kang matakot, pansamantala lang yan. Ito ay para sa ating ikapagiging banal (Hebreo 12:10). Matututo ka!
4. Paano magbigay ng **<u>Restitusyon</u>**?
    - a. **Pagtatama ng mali.** Kung may kinuha ka, isauli. Kung may kinamuhian ka, mahalin na muli. Kung nagsabi ka ng kasinungalingan, sabihin ang totoo. Kung may nasaktan ka, mag-sorry (Lucas 19:8).
    - b. **Pagbubuo ng mga nasira.** Maraming nasisira dahil sa ating mga kasalanan. Maaaring ito ay nasirang tiwala, pangarap, at higit sa lahat relasyon. Gawan ng pagsisikap na mabuong muli ang mga nawasak na relasyon. Makipagbati! (Mattheo 5:9, 23, 24)
    - c. **Hindi na gagawin muli.** Indikasyon ng ating pagkatuto ay ang pagtalikod nang lubusan sa kasalanan. Huwag mo nang ulitin kapatid! (Hebreo 10:26)

**ENACT:**

Gumawa ng mga tiyak na hakbang na iyong gagawin kung paano ka tatanggap ng Retribusyon at magbibigay ng Restitusyon.

| Mga Hakbang upang Tumanggap ng Retribusyon | Mga Hakbang upang Makapagbigay ng Restitusyon |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | 1.<br>2.<br>3. |

PRAYER:

*Lord, maraming salamat sa pagbubukas ng aking mga mata. Bigyan nyo po ako ng kababaang loob at lakas ng loob upang makayanan ang Inyong pagdirisiplina. Nawa ay lubusan po akong matuto. Salamat po sa Inyong pagtutuwid. Bigyan nyo rin po ako ng kakayanang maituwid ang aking mga pagkakamali at mabuo ang aking mga nasira lalo na ang mga relasyong mahahalaga para sa akin. Tulungan Nyo po akong mapagtagumpayan ito at lubusang makalaya. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*

## PUNLA 5: BAUTISMO

Ang bautismo ay isang mahalagang Kristyanong tradisyon. Hindi natin ginagawa ang pagba-bautismo sa mga batang walang muang. Tulad ni Juan Bautista sa Mattheo 3, ginagawa ang pagba-bautismo sa mga matatandang may pagkakaunawa sa kasalanang kanilang nagawa at nagdedesisyong talikuran at baguhin ang mga ito. Kumbaga, ang bautismo ay publikong deklarasyon ng pagbabagong buhay.

### ENGAGE:

Isulat sa kahon ang lahat ng bagay na hindi na magagawa ng isang patay:

### ENLIGHTEN:

1. **Ano ang bautismo sa tubig?**
   Ang bautismo ay galing sa Griyegong salita na "*baptizo*" na ang ibig sabihin ay itubog o ilubog. Ayon sa Lucas 3:3, ang bautismo sa tubig ay tinatawag ding "bautismo ng pagsisisi". Ang pagbabautismo ay isa sa mga gawaing dapat na isakatuparan batay sa ating Dakilang Komisyon (Mattheo 28:18-20). Si Jesus ay binigyan tayo ng halimbawa. Siya mismo ay nagpabautismo kay Juan Bautista bago simulan ang kanyang ministeryo (Lucas 3:21).

2. **Mga Elemento ng Pagba-bautismo sa tubig:**
   a. **Dapat sa Publiko**. Ginagawa ang pagba-bautismo sa isang pampublikong lugar kaharap ang maraming saksi. Sa ating iglesya, ito ay ginagawa kasama ang ating mga kapatid sa pananampalataya upang itakda ang pananagutan o accountability natin sa isa't-isa. Maaaring ang pagbabagong buhay ay desisyong mag-isa mong ginawa ngunit upang makamtan mo ito ay kailangan mo ng tulong mula sa iyong mga kapatid sa pananampalataya.
   b. **Dapat sa Tubig.** Ang tubig ay sumisimbolo ng paglilinis o paghuhugas ng mga kasalanan. Hinikayat nga ni Ananias si Pablo sa Mga Gawa 22:16 na magpabautismo upang mahugasan ang kanyang mga kasalanan (Hebreo 10:10-12).
   *c.* **Dapat Nakalubog.** Hindi natin minumungkahi na iwisik lamang ang tubig sa bunbunan o basain lamang nang bahagya ang ulunan. Minamarapat natin na nakalubog ang isang binababautismohan. Ang paglubog ay sumisimbolo sa paglilibing ng patay. Itinuturing natin na ang dati nating pagkatao ay patay na - patay na sa kasalanan. Naniniwala tayo na bago tayo magkaroon ng bagong buhay at mamunga sa pananampalataya ay kailangan muna nating mamatay. Marami ang hindi na natin magagawa kapag tayo ay patay na sa kasalanan at iyon ay ang matukso pa sa pagkakasala. Sabi nga sa Juan 12:24, *Pakatandaan ninyo: hangga't hindi nahuhulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito nang sagana.*
   d. **Dapat Ibangon**. Ang pagbangon mula sa pagkakalubog sa tubig naman ay sumisimbolo sa resureksyon o pagkabuhay na muli nang may bagong katauhan. Isa itong prophetic gesture. Ika nga sa 2 Taga Corinto 5:17, *Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago.*

**ENACT:**

Inaanyayahan ka namin na makiisa sa ating PAGBA-BAUTISMO SA TUBIG na gaganapin sa ika- ____________________ sa ________________.

PRAYER:

*Maraming salamat Jesus sa napakainam mong handog na ito. Sa aking desisyon na magbagong buhay at sangkapan ito ng pagpapa-bautismo, tulungan Ninyo po akong maisagawa ang mga nararapat upang maging lubos ang aking pagsisisi. Huwag Ninyo pong hahayaan na aking limutin ang halaga ng patuloy na pagpapatawad at paghingi ng tawad, ang patuloy na tanggapin ang aking retribusyon at magbigay ng restitusyon. Sa pangalan ni Jesus. Amen!*





## PUNLA 6: SEKSWALIDAD PARA SA MAY ASAWA

Isa sa mga hindi napag-uusapan sa mga iglesya ay ang konsepto ng "sekswalidad". Itinuturing itong *taboo* o paksang hindi dapat talakayin dahil naniniwala ang karamihan na ito ay bastos at hindi komportableng pakinggan. Ngunit ang ating sekswalidad ay isa sa mga napakainam na handog ng Diyos kaya nararapat itong ipagdiwang. *Babala: para lamang sa may legal na asawa ang sumusunod na diskusyon.*

**ENGAGE:**

Basahin ang mga sumusunod na biblical na sipi at ipaliwanag ang iyong reaksyon sa mga ito:

1. Paglalarawan ng babae sa kanyang mangingibig: Awit ni Solomon 5:9-16.
2. Paglalarawan ng mangingibig sa babae: Awit ni Solomon 7:1-9
3. Ano sa tingin mo ang gagawin ng babae at mangingibig na siyang inilalarawan sa Awit ni Solomon 5:1; 7:10-11.

**ENLIGHTEN:**

Ang *sexual intercourse* o pakikipagtalik ay isa sa mga pangangailangan sa isang relasyon. Idinensenyo ito ng Diyos upang ating i-enjoy. Kung babasahin nang buo ang aklat ng Awit ni Solomon, mapapansin na ninanais ng Diyos na ang pakikipagtalik ay senswal, nakakikilig, at nakapananabik, 2:3-7. Ang pakikipagtalik ay isa sa pinakamataas na uri ng pagpupuri sa Diyos dahil nagiging kaisa Niya tayo sa pagbibigay buhay o *creation*. Bilang may-asawa, paano mapasisigla pa ang ating *sexlife*?

1. **Pag-usapan**. Hindi ito nakahihiya (Genesis 2:25), kaya't pwedeng pwedeng pag-usapan ninyong mag-asawa. Pag-usapan ninyo kung

ano ang mga aspeto ng pakikipagtalik ang hindi kayo comportable. Ipahatid sa iyong asawa ang mga bagay na gusto mo tulad ng set-up, mood, posisyon, etc. Dapat ba bukas ang ilaw o dimlight lang? May kumot? May music? Ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon tungkol sa bagay na ito ay nakapaglilinaw ng mga ekspektasyon. Ang ekspektasyon na hindi napag-usapan at hindi nasabi sa asawa ay hindi maibibigay. Kapag hindi naibigay ang isang ekspektasyon, nagkakaroon ng problema o di pagkakaunawaan. Tandaan, wala tayong karapatang i-ekspek ang bagay na hindi natin pinag-usapan.

2. **Gawing regular**. Kahit gaano ka-abala o katanda na ang mag-asawa, dapat ay binibigyan pa rin ng oras ang pagtatalik, araw-araw man o ilang beses sa isang lingo o buwan. Ayon sa mga pagsasaliksik, ang mga mag-asawang regular na nagtatalik ay nagiging masaya at hindi naghihiwalay. Sinabi nga sa 1 Mga Taga-Corinto 7:5, huwag hahayaang magkaroon ng mahabang panahon ang pagitan ng inyong pagtatalik. Ayon nga sa 1 Mga Taga-Corinto 7:9, ang *sexual drive* ay hindi napipigilan kaya't huwag nating hayaan na sa iba ito hanapin ng iyong asawa.
3. **I-enjoy**. May mga pagkakataon na mababa ang libido ng isa sa magkapareha. Kahit nangyayari ito, pakaisipin natin na may responsibilidad tayo na pasayahin ang ating asawa. Kahit wala tayong gana o lakas upang gawin ito, subukin pa rin na ibigay ito at mag-enjoy. May mga pagkakataon na hindi talaga kaya, kaya't maging magalang sa pagtanggi at ipaliwanag nang mahinahon ang iyong mga kadahilanan. Tandaan, iminungkahi ni Pablo sa mga taga Corinto na huwag i-*deprive* (*hold back or take away*) ng mag-asawa ang isa't-isa mula sa pagtatalik.
4. **Sangkapan ng salita at gawa.** Ang pinakanakalulungkot na mangyari ay gawin ang pagtatalik na para bang responsibilidad lamang. Mas magiging masagana ang inyong *sexlife* kung sasangkapan ito ng mga matatamis na salita tulad ng:
   a. Appreciation: "Thank you sa unawa". "Salamat!"
   b. Affirmation: "Ang ganda/pogi mo naman". "Ang sexy mo talaga." "Ang sarap ng luto mo." "Ang galing mo talaga."
   c. Affection: "I love you sobra." "I miss you so much."

   At matatamis na gawa tulad ng:

   d. Serbisyo: ipagluto, ipaglaba, ipaglinis
   e. Hipo: yakap, halik, masahe
   f. Regalo
5. **Maging tapat**. Wala nang iba pang makapagpapasaya nang lubha sa mag-asawa kundi ang pagiging tapat sa isa't-isa. Pati ang Diyos ay masaya dahil nalalayo tayo sa pagkakasala. Hebreo 13:4

**ENACT:**

Alin sa mga limang nabanggit ang kailangan mo pang pagsikapan upang sumigla ang relasyong sekswal ninyong mag-asawa? Bakit?

__________________________________________________________

PRAYER:

*Lord, patuloy po Ninyong buksan at baguhin ang aking isipan. Pakalinisin po Ninyo ito mula sa mga maling paniniwala na hindi nakatutulong sa akin upang magkaroon ng kasiya-siyang buhay may-asawa. Tulungan po Ninyo akong isabuhay ang dakilang plano Ninyo sa amin. Gawin po Ninyo akong mabuting mangingibig tulad Mo. Maibigay ko nawa nang lubos ang pangangailangang sekswal ng aking asawa. Maging daluyan po ako ng Inyong pagpapala para sa aming pagsasama. Isinasamo ko rin po ang aking asawa. Makatagpo rin siya nawa ng katotohanan. Balutan po Ninyo ng Inyong banal na dugo ang aming pagsasama at proteksyunan mula sa mga masasamang balakin ng kaaway. Sa pangalan ni Jesus. Amen!*

## PUNLA 6: SEKSWALIDAD PARA SA MGA WALANG ASAWA

Isa sa mga hindi napag-uusapan sa mga iglesya ay ang konsepto ng “sekswalidad”. Itinuturing itong *taboo* o paksang hindi dapat talakayin dahil naniniwala ang karamihan na ito ay bastos at hindi komportableng pakinggan. Ngunit ang ating sekswalidad ay isa sa mga napakainam na handog ng Diyos kaya nararapat itong ipagdiwang.

### ENGAGE:

Gumawa ng pagsasaliksik at alamin ang sagot sa mga sumusunod na tanong:

1. Paano nagiging mahal ang isang dyamante maliban sa kulay/rarity, tabas/cut, at bigat/weight nito?
2. Paano tumataas ang *carat* ng isang gintong alahas?
3. Paano nagiging mas mahal ang distilled o mineral water kaysa sa tubig na galing sa poso o gripo?

### ENLIGHTEN:

Ang pagiging <u>klaro, puro, at malinis</u> ng isang bagay ay nagpapataas ng value o halaga nito. Kabaliktaran ang ginagawa sa atin ng kasalanan. Ginagawa tayong marumi at di puro kaya’t nararamdaman natin na bumababa ang ating halaga o value (balikan ang lesson #2).

Isa sa mga kasalanan na dapat natin pag-usapan dito sa simbahan at ang isa sa pinakamalaking temptasyon ng isang kabataan o single na katulad mo ay ang seks sa labas ng kasal o tinatawag ding *immoral sex or fornication.*

Sabi nga ni Paul sa 1 Mga Taga-Corinto 6:18, ang iba raw nating kasalanan ay nagagawa natin laban sa ating kapwa pero iba ang *sexual immorality*. Ito ay kasalanan na ginagawa natin laban sa ating mga sarili. Ibig sabihin kung gagawin natin ang kasalanang ito, sinasaktan natin ang ating mga sarili. Ang tanong, <u>hindi mo ba mahal ang iyong sarili</u>? Tunghayan ang mga testimonya ng ilang nakipagtalik sa hindi nila asawa:

**John Doe**: “*Masaya lamang sa una pero kapag tapos na ay <u>nakakahiya</u>. Hindi ko masabi ang aking ginawa sa iba dahil alam kong <u>hindi tama</u>*”.

**Jane Doe**: “*Pinilit kong hugasan ang aking sarili. Feeling ko <u>ang dumi-dumi ko</u>. Alam kong magagalit sina Mama at Papa*”

Ito ay mga testimonya ng hindi Kristyano. Ano sa tingin mo ang pinagdaraanan at iniisip ng isang Kristyanong nakauunawa ng bigat ng *sexual immorality* ngunit nakagawa nito? Mas mitindi, hindi ba? Upang hindi mo danasin ang mga ito, tunghayan ang sumusunod na diskusyon.

1. **Ano ang dapat gawin upang makaiwas sa *Pre-marital Sex*?**
   a. **Takbo!** Sabi sa Santiago 4:7, ang demonyo kapag sinasaway ay lumalayas ngunit ibahin mo ang iyong *sex drive*. Payo ni Pablo kay Timoteo sa 1 Mga Taga Corinto 6:18, <u>magsitakas</u> sa pakikiapid. Ibig sabihin nito, ang demonyo pwedeng pagsabihan ngunit ang sariling mong pita ng laman ay dapat na tinatakasan, nilalayuan, tinatakbuhan. Paano?
      i. Huwag manood ng mga *x-rated* na palabas at pelikula
      ii. Huwag magbasa ng mga babasahing may pagsasalarawan sa mga *explicit sexual acts* tulad ng pocket books, wattpad, men’s magazines, etc.
      iii. Huwag bumisita sa mga porn sites at manood ng scandals. Ang mga ito ay nagdudulot ng sexual thoughts at fantasies
      iv. Huwag makipag-usap (*text, chat, call*) hanggang madaling araw sa opposite sex nang eksklusibo lalo na at hindi malinaw ang relasyon na inyong binubuo at hindi klaro ang inyong mga intension, Mga Kawikaan 4:23: …“bantayan ang puso”.

v. Huwag sumama sa opposite sex nang walang ibang nakakikita lalo na sa mga lugar na madidilim at ilang tulad ng kwarto at sinehan.

vi. Tumakbo ka na kapag hinawakan ka sa mga maseselang parte ng iyong katawan. *Don't let your guards down*.

b. **Hintay.** Wait ka lang ha! Sinabi ni Solomon sa kanyang mga Awit, 2:7; 3:5; 8:4, huwag pukawin ang pag-ibig kung hindi pa ito napapanahon. Sabi nga ng Mangangaral, may panahon para sa lahat ng bagay at kung darating man ang panahon ng pagkakaroon ng relasyon, dapat handa ka. Ang tanong, kailan?

i. Kapag ikaw ay physically mature na. Ang pisikal na kahandaan ng mga babae ay hindi sa panahon na dinaratnan na sila kundi ay kapag bente anyos na. Ayon sa pagsasaliksik, ang pagbubuntis ng mga *teenagers* (13-19) ay nahaharap sa maraming kumplikasyon.

ii. Kapag ikaw ay economically mature na. Ibig sabihin nito ay may sarili ka nang trabaho at pera.

iii. Kapag ikaw ay emotionally, psychologically, at spiritually mature na. Ang pagbuo ng relasyon ay nangangailangan ng matinding kahandaan ng puso, isipan, at espiritu. Tanggalin mo muna ang iyong ugaling bata tulad ng pagiging matampuhin, seloso, pagmamaktol, KSP, insecure, etc. Magbasa. Magpaturo. Mag-alaga ng kaluluwa.

c. **Pamantayan**. Habang nasa *season of waiting* ka, marapatin mong bumuo ng pamantayan o *standard*. Ang *standard* ay mga *criteria* na hahanapin mo sa iyong Mr./Ms. Right o sa relasyon na iyong bubuoin. Sabi ni Joshua Harris sa kanyang aklat na "*I Kissed Dating Goodbye*", hindi ka naman ilalayo sa pgkakasala o sa kapahamakan ng mga standard o pamantayan kundi ay magsisilbi ang mga itong guide para sa iyo. Kumbaga, tutulungan ka ng standards na hindi bumagsak sa kung sinu-sino lang at madala ng iyong bugso ng damdamin.

**2. Paano kung ako'y nagkasala na?**

a. **Nagpapatawad ang Diyos**. Hindi pa huli ang lahat para sa iyo kapatid. Kayang-kaya ka Niyang patawarin, 1 Juan 1:8-9. Hinihintay ka lang Niya.

b. **Nagpapanumbalik o Restore ang Diyos**. Kasama ng Kanyang paghuhugas ng iyong kasalanan ay gagamutin din Niya ang nawasak mong puso at ibabalik Niya ang mga nawala sa iyo tulad ng kamusmusan at kadalisayan. *He will restore your purity - purity of the mind, heart, and spirit* (Deut. 30:3).

**3. Paano kung biktima ako ng pagkakasala ng iba?**

Magpatawad, balikan ang lesson #3, bilang 2.c.

**ENACT:**

Kung ikaw ay single pa at walang kabiyak, gumawa ng "standard" for finding Mr/Ms Right. Anu-ano ang mga hahanapin mo mula sa iyong gustong makapareha? I-share ito sa iyong cell leader.

Kung ikaw naman ay single na mayroong boy/girlfriend, gumawa ng "standard" for your relationship. Anu-ano ang mga panuntunan ng inyong relasyon upang hindi kayo magkasala ng *sexual immorality*? I-share ito sa iyong cell leader.

Kung ikaw naman ay nasa relasyon na alam mong hindi ka pa handa at hindi ito nakapagbibigay ng kapurihan sa Diyos, minumungkahi namin na ito'y iyo nang tapusin. Masasaktan ka ngayon ngunit maisasalba ka nito mula sa mas lalong kapahamakan. Tapangan mo kapatid. Kaya mo yan!

PRAYER:

*Dear Lord, salamat sa patuloy na pagtutuwid Mo sa akin. Patawarin po Ninyo ako sa pag-commit ng sexual immorality sa isip man o sa gawa. Salamat po sa restoration ng aking purity in the mind, heart, and spirit. Tulungan po Ninyo akong maging tapat sa aking pangakong poprotektahan ang aking sarili mula sa mga sexual temptations. Maging pagpapala po ako sa aking magiging asawa. Sa pangalan ni Jesus. Amen!*





## PUNLA 7: PAGSAMBA

Ang pagsamba ay isang gawaing Kristyano na lubusang hindi nauunawaan ng mga kapatiran. Dahil inaakalang ang pagsamba ay nalilimitahan lamang sa pamamagitan ng pag-aawitan at tugtugan, nagkakaroon ng panghuhusga at di pagkakaunawaan sa loob ng simbahan. Ano nga ba ang pagsamba? Paano ito natin gagawin?

**ENGAGE:**

Isulat sa kahon ang lahat ng kayang mong gawin upang ipabatid o iparamdam sa isang tao na siya ay iyong minamahal:

**ENLIGHTEN:**

1. **Praise o Worship?** Isa ka rin ba sa mga nalilito kung ano ang pinagkaiba ng dalawang ito o tinanggap mo na lang na laging dapat silang magkasama? Himayin natin ang kanilang pinagkaiba:
    a. **Praise** – o papuri ay isang uri ng <u>salmo o dasal na inaawit</u>. Nuong panahon ng lumang tipan, ang dasal ay inaawit. May iba't ibang uri ng dasal na inaawit at ang isa nga sa mga ito ay ang "papuri" o "himno". Ang ilan pa sa mga salmo ay Panaghoy, Pasasalamat, Bendisyon, Pagsumpa, etc.

b. **Worship** – o pagsamba ay ang ating mga ginagawa upang ipahayag ang <u>adoration at reverence (matinding pagmamahal at paggalang)</u> natin sa Panginoon. Isa sa pinakamainam na pagpapakahulugan dito ay: *Worship is to honor with extravagant love and extreme submission (Webster's Dictionary,1828).* Kaya nga ang unang utos ay mahalin ang Diyos (Lucas 10:27). Maraming pamamaraan ito, tunghayan sa #2.

c. Samakatuwid ang praise ay isa lamang sa mga uri ng worship. Ibig sabihin, ang pagpupuri ay isa sa mga uri ng pagsamba. Hindi ba't kapag mahal mo ang isang tao ay palagi mong pinapaalala sa kanya ang mga kahangahanga niyang katangian? Tulad ng "ang ganda/gwapo mo", "ang bait mo", etc. Ngayon ay alam mo na na ang praise ay HINDI mabilis na kanta at ang worship ay HINDI yung mabagal.

**2. Anu-ano ang mga uri ng PAGSAMBA o WORSHIP?**

a. **Pag-awit at Pagtugtog**. Isipin mong parang hinaharana mo ang Panginoon kapag Siya ay iyong inaawitan. Papuri o himno ang karaniwang halimbawa ng mga inaawit at tinutugtog (Mga Awit 150).

b. **Pagdarasal.** Ang pagsamo at pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos ay kanyang kinasisiyahan. Isipin mong ito ay tulad ng pakikipag-usap mo sa iyong minamahal (Hebreo 5:7, Mga Taga-Filipo 4:5-7).

c. **Pagsasayaw.** (Mga Awit 149:3-4, 2 Samuel 6:14-22)

d. **Pagbibigay o Pag-aalay**. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagiikapu, paghahandog, pagdodonasyon, pag-aabuloy, pagbibigay ng first fruit, etc. (2 Mga Taga-Corinto 9:6-15).

e. **Pakikinig at Pag-aaral ng Salita ng Diyos.** Isa sa dapat na nilalagyan ng effort ng isang umiibig ay ang lubusang makilala ang kanyang minamahal sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga salita (Mga Awit 119:97).

f. **Pangangaral at Paghayo.** (1 Mga Taga-Corinto 14:26).

g. **Paglilingkod o Pagtatrabaho**. Gawain man ito sa loob ng simbahan o para sa ating mga amo sa trabaho, gusto ng Lord na tayo ay naglilingkod na para bang ginagawa ito para sa Kanya (Efeso 6:5-8, Coloso 3:23).

h. **Pagtulong**. Ito ay magagawa sa pamamagitan ng pag-aalaga sa ating kapwa tulad ng pagpapakain sa nagugutom, paggamot sa may sakit, pagtatanggol sa mga inaapi at nasa bilangguan (Mateo 25:40-45).

i. **Pagsunod**. Sinabi ng Lord sa Juan 14:15, kung mahal natin Siya, dapat Siyang sundin.

3. Anu-ano ang mga sangkap ng PAGSAMBA?

a. **Walang Limitasyon.** Ika nga sa 1 Mga Taga-Corinto 10:31, kahit ano naman sa ating mga ginagawa ay pwedeng ialay sa Diyos bilang pagsamba.

b. **Personal**. Maaari naman nating sambahin ang Diyos nang sama-sama kaya nga mayroon tayong "sambahan" o simbahan upang magawa ito ngunit ang pagsamba ay personal na bagay – sa pagitan mo at ng Diyos.

c. **Espiritu at Katotohanan**. Ang ating pagsamba ay masusubok lamang sa pamamagitan ng espiritu at katotohanan (Juan 4:24). Ito ay sa pamamagitan ng malinis at taos sa pusong pag-ibig sa Diyos, hindi napipilitan at hindi pakitang tao lamang.

**ENACT:**

Paano mo pa sasambahin ang Diyos? Ipaliwanag ang iba pang pamamaraan na iyong susubukan upang ipahayag ang iyong pag-ibig sa Kanya.

PRAYER:

*Panginoon, karapatdapat Ka nga pong sambahin at papurihan. Tulungan po Ninyo akong sambahin Ka sa Espiritu at Katotohanan. Huwag po Ninyo akong hayaang maging huwad at napipilitan lamang. Bigyan po Ninyo ako ng kalakasang ipahayag ang aking pag-ibig sa Iyo nang buong katapatan. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*

## PUNLA 8: INTERCESSION

Ang intersesyon ay isa sa mga ministeryo sa ating iglesya na karaniwang nilalahukan ng ating mga kananayan at mga matatanda. Ngunit ang intersesyon ay hindi isang gawaing para lamang sa iilan. Wala ring espesyal na kwalipakasyon upang magawa ang intersesyon. Paano ka nga ba maaaring maging aktibo sa gawaing ito? Tunghayan.

### ENGAGE:

1. Pamilyar ka ba sa mga salitang emisaryo, diplomatiko, ambasador, o sugo? Ano ang ginagawa ng mga ito?
2. Anu-ano ang mga naiwasan na mangyari dahil sa mga nagawa ng emisaryo o sugo?

### ENLIGHTEN:

Ang ***intercession*** ay ang paggamit ng iyong impluwensya upang ipagsamo sa awtoridad ang kapatawaran o kalayaan ng ibang tao (*dictionary.cambridge.org*). Sa makatwid, ang intercession ay hindi pagdarasal ng mga bagay para sa iyo. Mas kilala ang gawaing ito bilang: "standing in the gap" (1 Timoteo 2:1). Maaaring gawin ng isang tao o grupo ang gawaing ito.

1. **Sino ang Intercessor?**
   a. **Tagapamagitan**. Sa pamamagitan ng pagdarasal, isinasamo natin ang mga pangangailangan ng ibang tao sa Diyos tulad ng ilayo sila sa kapahamakan at bigyan sila ng kapatawaran, grasya, o kagalingan (Santiago 5:16). Ganito rin ang ginagawa ng isang emisaryo o diplomatiko. Alalahanin ang ginawa ni Abraham para sa Sodoma at Gomora. Gayundin ang paghingi ng kapatawaran nina Moses, Ezra, Elijah, Daniel, Nehemiah at Jesus para sa bayan ng Israel.
   b. **Tagapagbantay**. Alam mo yung "alert system"? Sila ang nagbibigay ng babala sa ating simbahan at komunidad kung mayroong paparating na kapahamakan o kaaway (Jeremias 51:12).
   c. **Mandirigma**. O tinatawag din silang "prayer warriors" dahil nakikipag digma sila sa mga espiritwal na kaaway (Mga Taga-Efeso 6:10-20).
2. **Mga bagay na nagagawa ng Intercession:**
   a. **Espiritwal na Pag-unlad.** Ipinagdasal ni Pablo ang mga taga Efeso at Coloso upang mabuksan ang kanilang mga mata at puso upang umunlad sa kanilang kaalaman sa Diyos upang maunawaan nila ang pagmamahal Niya sa kanila (Mga Taga-Efeso 3:14-21, Mga Taga-Colos 1:9-11).
   b. **Transpormasyon o pagbabago**. Sa buhay man ito ng isang tao, buong kongregasyon, iyong pamilya, o komunidad. Makapangyarihan ang dasal upang makapagbago ng mga puso at isipan (2 Mga Taga-Tesalonica 3:5).
   c. **Proteksyon mula sa kaaway at gabay.** Hiniling ni Pablo sa mga taga Tesalonica na sila ay ipagdasal at hilingin na ilayo sa mga masasamang tao (2 Mga Taga-Tesalonica 3:1-3).
   d. **Magpalaya**. Kalayaang pisikal man o spiritwal. Sa pamamagitan ng intercession ng mga kapatiran, nakalaya si Pedro mula sa kulungan (Mga Gawa 12:3-19).
   e. **Salvation o kaligatasan.** Nuon pa man, ang mga maiinam na mga intercessors ay nakikipag usap na sa Panginoon para sa kaligtasan ng marami. Si Jesus ang pinakamainam sa kanilang lahat dahil sa "pakikipamagitan" Niya ay hindi lamang tayo naisalba mula sa tiyak na kapahamakan kundi ay inilapit at pinagbati/*reconcile* Niya tayo sa Kanyang Ama (2 Timoteo 2:1-6).
3. **Paanong gagawing tama ang Intercession?**
   a. **Huwag itong gawing tsismisan**. Dahil mga pinagdaraanan at alalahanin ng ibang tao ang tampok nating ipinagdarasal, nagiging sentro ang intercession ng tsismisan. Iwasang pagkwentuhan o ikuwento sa iba ang iyong mga narinig na alam mong

ikapapahamak ng integridad ng iba dahil magbubukas lamang tayo ng butas upang magkaroon ng panghuhusga o di kaya ay kampihan.

b. **Huwag itong gawing parinigan**. Nakalahok ka na ba sa isang "prayer meeting" na kung saan ang mga dumadalo ay nagdarasal ng tila baga'y kontradiksyon para sa ibang kalahok? *Awkward! Cringe*! Huwag po nating gawin ito. Hindi ito makapagpapalakas ng pananampalataya ng karamihan (1 Tesalonica 5:11). May tamang avenue po tulad ng confrontation upang pag-usapan ang mga issues.

c. **Alamin ang pinagkaiba ng bendisyon (benediction) at panunumpa (malediction).** Kung susuriin ang aklat ng Mga Awit o Psalms, ang benediksyon at malediksyon ay parehong uri ng mga dasal. Bendisyon ay ang pagdedeklara ng pagpapala at ang Malediksyon o *Imprecatory Prayer* naman ay ang pagdedeklara ng kapahamakan at paghuhukom sa iyong mga kaaway. Sa tingin mo, tama bang sumpain ang iyong kaaway kung sa bagong tipan ay itinuturo ni Jesus na mahalin at ipagdasal sila? Ang maaari lamang natin sigurong ipagdasal ay ang kapahamakang naghihintay hindi sa tao kundi sa masasamang Espiritu (Mga Taga-Efeso 6).

d. **"Playing God" o Witchcraft.** Witchcraft o Pangungulam ay isa sa mga kasalanang nabanggit sa Mga Taga-Galacia 5:19-21. Ang Pangungulam ay ang pagturing sa sarili na mas mataas sa Diyos sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga bagay-bagay. Nakarinig ka na ba ng mga dasal na parang pinangungunahan ang kalooban ng Diyos o tila baga ay dinidiktahan ang Diyos ng mga dapat Niyang gawin? Ito ang halimbawa ng witchcraft. Ang mga intercessors ang kalimitang nagkakaroon ng ganitong espiritu dahil natural sa tao ang mag-isip ng solusyon sa isang bagay sa halip na isamo o isuko lang ito sa Diyos. Kaya't hindi nakapagtatakang mga kababaihan ang nabibiktima ng espiritu na ito. Nakarinig ka na ba ng mga dasal na:

   *i.* "Lord, dapat mag-sorry sya sakin! Ipakita mo na sya ang mali!" Sa halip na: *"Lord, buksan mo po ang aking mga mata upang malaman kung sino ang nagkamali. Bigyan Mo po ako ng kababaang loob."*

   *ii.* "Madapa sana sya!". Sa halip na: *"Lord, pagpalain po Ninyo ang aking kaaway. Maramdaman Niya ang iyong Pag-ibig."*

   *iii.* "Lord, baguhin mo ang aking asawa." (pero hindi ka willing na magbago, ikaw pa rin ang laging tama!)

**ENACT:**

Sumali sa lokal na gawain ng iyong simbahan para sa intercession. Maaaring ito ay sa dawn watch, prayer meeting, o tabernacle of David. Balitaan mo ang iyong cell leader tungkol sa iyong karanasan.

______________________________________________________________

PRAYER:

*Lord, salamat sa awtoridad na ibinibigay po Ninyo sa amin na makahiling, maisamo, mamagitan para sa ibang tao. Palawakin pa po Ninyo ang aming pang-unawa at pananampalataya para sa gawain na ito. Maging mabubuti kaming tagapamagitan upang mas uminam ang espiritwal na kalagayan sa aming mga simbahan. Gamitin mo po kami upang mapalakas ang Iyong iglesya at ang mga ministro nito. Mapagbuklod po kami ng iisang espiritu, puso, at kaisipan. Sa pangalan ni Jesus, Amen!*

## PUNLA 9: ANG BANAL NA ESPIRITU

Ang Banal na Espiritu ay isa sa mga Kristyanong konsepto na mahirap ipaliwanag dahil ang Banal na Espiritu ay hindi nakikita. Ipinangako ang Banal na Espiritu na Siya ang makakasama natin matapos na umakyat sa langit si Jesu-Cristo, Juan 7:39. Ang Banal na Espiritu ay isa sa tatlong persona na bumubuo sa iisang Diyos. Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Espirito Santo/ Banal na Espiritu.

### ENGAGE:

Manaliksik. Dahil ang Banal na Espiritu ay hindi nakikita, Siya ay inilalarawan nang metaporikal sa bibliya. Ang mga larawan sa ibaba ay sumisimbolo sa Banal na Espiritu. Alamin ang ibig sabihin ng mga simbolong ito gamit ang mga sangguniang berso.

| Larawan | Simbolo | Berso | Ibig Sabihin |
|---|---|---|---|
|  | Kalapati | Lucas 3:22;<br>Juan 1:30-34; | Puro, kalinisan, kapayapaan… |
|  | Apoy | Mga Gawa 2:3-4 | |
|  | Tubig | Juan 7:37-39 | |
|  | Hangin o hininga | Mga Gawa 2:2;<br>Juan 3:8 | |
|  | Langis | 1 Samuel 16:13 | |



### ENLIGHTEN:

Nasaksihan at naranasan mo na ba ang manipestasyon ng Banal na Espiritu? Paano nga ba malalaman na ang Banal na Espiritu ay sumasaiyo? Narito ang ilan sa kanila:

1. **Mga Manipestasyon ng Banal na Espiritu:**
   a. **Panginginig** (Habbakuk 3:16, Matthew 28:4)
   b. **Panghihina at Pagtumba** (2 Chronicles 5:14, Daniel 8:17-18)
   c. **Kasiyahan** (Genesis 17:17, Luke 10:21)
   d. **Pagsasalita ng mga Wika o Tongues** (Mga Gawa 2:4; 10:46)
   e. **Bisyon at Panaginip** (Mga Gawa 26:19, Mga Gawa 11:1-18)

Hindi dahil hindi ka pa nakararanas ng mga pambihirang manipestasyon na ito, ibig sabihin nun ay hindi na gumagawa ang Banal na Espiritu sa buhay mo.

2. **Anu-ano ang ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu na sumasaiyo?**
   a. **Ginagawa ka Niyang Templo.** Sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 6:19 na ang ating mga katawan ang templo ng Banal na Espiritu. Ibig sabihin nito na nananahan ang presensya ng Diyos sa iyo.
   b. **Binibigyan Tayo ng Kapangyarihan Upang Ipangalap ang Ebanghelyo**. Ayon ito sa Mga Gawa 1:8. Kaya't huwag kang matakot dahil kasama mo Sya sa paghayo!
   c. **Binibigyan tayo ng Gabay.** Ayon sa Taga-Galacia 5:25, kung tayo raw ay binigyan ng Espiritu (Banal na Espiritu) ay kailangan nating mamuhay ayon sa Espiritu. Para balanse, ang Banal na Espiritu ay gumagabay lamang, nasa sa atin pa rin kung ating Siyang susundin. Sumunod ka kapatid! Sabi nila parang konsesya, ngunit ito ay gawa ng Banal na Espiritu.
   d. **Tinutulungan na maging banal**. Sabi sa Mga Taga-Galacia 5:16, kung ang Banal na Espiritu ay nasa sa atin, tinutulungan Niya tayo na hindi pagbigyan ang pagnanasa ng laman.

e. **Pagbabagong Buhay**. Kung ang Banal na Espiritu ay sadyang gumagawa sa ating buhay, makikita natin ang mga bunga nito at iyon ay ang pagbabagong buhay. Tayo ay nagiging mapagmahal, mabait, mahabagin, mapagtiis, atbp. (Mga Taga Galacia 5:23).

f. **Nakikipag-usap sa atin**. Ang Banal na Espiritu ang nakikipagtagpo sa atin sa atin at nagsisiwalat ng mga bagay tungkol sa Diyos (Juan 16:3).

g. **Binibigyan tayo ng Katalinuhan**. Ang maintindihan ang kaibahan ng tama sa mali at magkaroon ng pagkaunawa sa Kanyang mga Salita ang ilan sa mga katalinuhang ibinigay sa ating ng Banal na Espiritu (Job 32:6-9, Mga GAwa 6:9-10, 1 Corinto 2:12-14).

**ENACT:**

Kwentuhan mo kami ng iyong karanasan kung saan ay naranasan mo ang manipestasyon ng Banal na Espiritu.

PRAYER:

*Banal na Espiritu, tinatanggap po kita. Banal na Espiritu, alam ko po na Ikaw ang Tagapayo ng Katotohanan, ang aming tulong sa oras ng pangangailangan, at ang pumupuno sa amin ng Espiritu ng Diyos. Espiritu Santo, idinadalangin ko po sa mismong araw na ito na magkaroon ng higit na pakikipag-isa sa Iyo. Ikaw ay buong kagandahang-loob na gumagawa upang mamagitan para sa amin sa Ama, ngunit upang aliwin din kami ng Iyong kapayapaan na higit sa lahat ng pang-unawa. Banal na Espiritu, mangyaring dumating ka sa buhay ko ngayon at magpakailanman. Sa Pangalan ni Jesus, Amen!*





## PUNLA 10: ANG DAKILANG KOMISYON

Dakilang Komisyon ang tawag natin sa utos ni Jesus bago Siya bumalik sa langit. Ang utos na ito ay ang gumawa ng mga disipulo Niya mula sa lahat ng mga bansa (Mateo 28:18-20). Ang salitang disipulo ay galling sa salitang Latin na *discipulus* na ang ibig sabihin ay **MAG-AARAL**. Ano kaya ang dapat nating pag-aralan? Kailangan pa ba nating mag-aral?

**ENGAGE:**

Ipaliwanag ang iyong reaksyon sa mga sumusunod na kataga:

| English | Tagalog translation |
|---|---|
| *The cost of non-discipleship is the irrelevance of the church.*<br>– Ray Altman | *Ang negatibong epekto ng kawalan ng pagdidisipulo ay ang pagiging walang kabuluhan ng simbahan.*<br>– Ray Altman |
| *To be a disciple of Jesus is to make disciples of Jesus.*<br>- David Platt | *Ang pagiging disipulo ni Jesus ay ang paggawa ng mga disipulo ni Jesus.*<br>- David Platt |

**ENLIGHTEN:**

Hindi lahat ng nakakikilala sa Diyos at nananampalataya sa Kanya ay Kanyang disipulo. Ang pananampalataya ay nasisilang sa pamamagitan ng pangangalat ng ebanghelyo ngunit ang pagiging disipulo ay nakakamtan lamang sa pagtanggap ng mga katuruan. Ibig sabihin nito, magkaiba ang “EVANGELISM” at “DISCIPLESHIP”. Ang disipulo ay nag-aaral, ibig sabihin ay natututo. Ang buhay Kristyano ay isang mahabang proseso ng pagkatuto. Kung hindi tayo nag-aaral at natututo, hindi tayo nagiging disipulo ni Jesus. Ang tanong, ano ba ang dapat nating matutunan?

1. **Matutong Sumunod**. Narining mo na ba ang kasabihang, "*monkey see, monkey do*"? Isang bagay sa pagsunod ay natututunan mo ito sa pamamagitan ng mga halimbawa o "*modeling*". Tulad ng isang bata, natutututo siya ng mga kailangang gawin dahil nakita niya ito sa mga matatanda. Bilang batang Kristyano, hindi mo matututunan ang pagsunod sa mga utos ng Diyos kung hindi mo ito makikita sa loob ng cell group o simbahan. Kaya't palagi kang dumalo sa mga ito. Masusubok at mahahamon lalo ang iyong pagkatuto sa larangang ito kung kailangan mong sumunod sa pinag-uutos ng iyong magulang, pastor, at cell leader (Mga Taga Roma 13:1-7). Ang pagsunod sa mga utos ang unang *required* na ituro sa isang disipulo ayon sa Mateo 28:20.
2. **Matuto ng Salita ng Diyos**. Wala nang ibang sandata na kakailanganin ang isang disipulo nang mas higit pa sa Salita ng Diyos. Sinabi ni Jesus sa Juan 8:31, ang mga totoo daw Niyang disipulo ay sumusunod sa kanyang mga salita. Paano natin masusunod ang kanyang mga salita kung hindi natin ito pinag-aaralan? Mapag-aaralan natin ang mga Salita ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga devotionals, prayer meetings, cell group meetings, at Sunday Celebrations.
3. **Matutong Magmahal.** Narinig mo na ba ang kasabihang, "*you can't give what you don't have*"? Lahat ng ginagawa natin bilang Kristyano maging paglilingkod man ito o pagsamba ay kailangan na nag-uugat sa pag-ibig. Mahirap umibig kung hindi ka pa nakatatanggap nito. Ang pag-ibig na kaya nating ibigay sa Diyos, kapwa, at sarili ay matatagpuan lang di naman natin sa Diyos mismo. Mahirap maramdaman ng pag-ibig ng Diyos nang malayo sa mga kapatiran. Sa loob ng Kristyanong pamilya, cell group, at simbahan mo mararamdaman at maipakikita ang pag-ibig ng Diyos (1 Juan 4:20). Kung ang pinakamataas na uri ng pag-ibig ay ipinakita ng Diyos sa atin nuong ialay Niya ang kanyang sarili, ganuon din ang uri ng pag-ibig na kaya nating ibigay sa ating kapwa – <u>ang **ialay ang ating sarili** para sa kanila</u>. <u>Ito ay sa pamamagitan ng pagbabahagi sa kanila ng **Magandang Balita**.</u> Mahal mo ba ang iyong kapwa? Ipakilala mo na si Jesus sa kanya!

**ENACT:**

Gusto mo bang maging Disipulo ni Jesus Christ? Inaanyayahan ka namin na patuloy na lumago sa iyong pananampalataya at sa pagsunod kay Jesus sa pamamagitan ng paglahok mo sa ating pag-aaral ng **LAGO Lessons**!

PRAYER:

*Panginoon, napakabuti Mo. Salamat sa napakainam na biyayang ibiginigay Mo sa'kin ngayon. Gawin po Ninyo akong isang disipulo Ninyo. Tulungan Nyo po ang aking mga pastor at cell leader upang maturuan akong sumunod sa Iyong mga Salita at magmahal sa Iyo at sa aking kapwa nang lubos. Bigyan po Ninyo ako ng kalakasan at katalinuhan upang lalo kong magampanan ang aking responsibilidad bilang isa Mong disipulo. Sa Pangalan ni Jesus. Amen!*

## Binabati Kita!

*"Salamat sa iyong tiyaga at sikap na matapos nang matagumpay ang gawaing ito. Ipagpatuloy mo ang iyong magandang sinimulan! Ikaw ngayon ay handa na para sa* ***LAGO LESSONS.*** *Binabati kita!"*



*Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ni Jesu-Cristo. – Filipos 1:6*



## CAOCMI VISION:

*Reaching out nations, making disciples.*

## CAOCMI MISSION & CORE VALUES:

We are a…

***C****hrist-centered Church with*
***A****nointed Servants who are*
***O****bedient to the Word, forming*
***C****hrist-like Disciples, and working on*
***M****issionary Movements to*
***I****mpact this generation and the next.*

# Contact Us:

facebook.com/CAOCMI
cacominational@gmail.com
(+6346) 412 2450